SPEECH OF PRESIDENT RODRIGO ROA DUTERTE DURING THE AWARDING OF THE ORDER OF LAPU-LAPU TO KILLED-IN-POLICE OPERATIONS (KIPO) AND WOUNDED-IN-POLICE-OPERATIONS (WIPO) PERSONNEL DEPLOYED IN MARAWI

PNP Multi-Purpose Center, Camp Crame, Quezon City
December 18, 2017

Thank you for the courtesy. Kindly sit down.

I'm happy to be here tonight to be awarding medals to our heroes. And I have a two-page… usually --- Hindi ko na lang kayo i-introduce kay magkakilala naman kayo lahat, except si Atty. Fred Lim. Brod ko 'to sa PAGCOR, President… 'Pag may kailangan kayo ng pera, PAGCOR ang holdapin (hold-up) ninyo hindi magde-demanda 'yan, gobyerno eh.

One, I have called the guys that I know sa Davao noon, pinapahanap ko sila. Nelson Estares is going around giving lectures. Kasi at the height of the --- ayan sila Leuterio. At the height of the, 'yung Sparrow, ginawa nilang laboratory ang Davao City. These are the guys that were around, mga kilala ko na-assign sa Davao. And so I'm asking them to be back in government and in a different capacity but of… all geared towards fighting the terrorists and the New People's Army.

Ang gusto ko lang i-ta-transmit is, alam mo sa mga SAF natin, sometimes they are assigned doon sa medyo malayo or specific mission to pursue sinong front diyan. Usually, bakante ang syudad. So kung bakante ang syudad, nakikinig itong mga NPA na --- Talagang kayong… mga walang hiya. Pati 'yung mga sundalo doon sa Samar na tutulong sa mga evacuees niratratan ninyo ng… That's why, sabi ko, there is no point in talking to you. There's not even a single factor of a revolutionary there. You go around asking money, robbing the poor tapos 'yung mga asawa sa taga-bukid, hinihipo ninyo. Nagdating sa akin 'yung balita. I do not know, maybe in the other areas 'yung… kung ano sigurong pinag-gagawa ninyo.

Why? Because kayo mga duwag noon, nakahawak ng baril matapang na ngayon. 'Yan ang problema diyan sa baril, it gives you extraordinary powers in your mind na hindi ninyo ma-control. Dapat kayong mga liderato, palibhasa matatanda na kayo, you allow these things to happen. Ilang beses na 'yan na sa Davao na pinaghipo-hipo daw doon while talking around the… Eh bahala kayo. Basta ako, ang aking direction sa Police pati Armed Forces is to give you no quarters. No quarters given, no quarters asked. I'm sick and tired of talking to you. Almost pareho kayo ng ISIS. It's an empty thing. There is no ideology except to destroy and kill. That's about it.

So if I do not defend our people, our democracy from the onslaughts of itong mga --- You know, itong NPA kung sila walang mali, the countryside killing and the ambuscades

and all, ah bale wala sa… minsan sa publiko ng Pilipinas. Nakakatutok lang kung anong mali namin sa gobyerno. Hindi naman tinitingnan ang --- Mga sibilyan kung paputukin, you --- You know, I said that I would never surrender the sovereignty of this government. Ang mga komunista, gusto ng coalition, pinapadaan sa istorya. But kung babasahin ko 'yung mga resulta ng workshops nila doon ni Bello pati Dureza, it just would point to one thing and that is a coalition government.

You know, sovereignty resides in the people. But not… it's not all the people can exercise sovereignty so we elect mga officials. You know, 'yung pinili ng tao… maybe, I said, you be a son of a b**** but the problem is 'yan ang pinili ng tao. And that sovereignty and the exercise of it can not be shared by anybody. It's only shared by… sa atin, Armed Forces, Police, government machinery, Congress, and the Supreme Court. 'Yan lang ang nag… maka-ano ng sovereignty. It's exercise really of the powers of government to run a country.

Kaya kung ganun, gusto ninyo sumali, libre, magre-revolt 'tong mga sa harap ko. Ako ang papatayin nito. Ako ang papatayin nila, sa totoo lang. Ang hirap na dinaanan nila, tapos… you just share that power with anybody without the arms struggle. Sinasabi ko na sa inyo noon eh, if you go mainstream, drop the weapons and I would join you in a party. I share the same values with you before. I do not know if you still have it now. 'Yan ang problema.

So I… wala na akong --- You have to… You know guys, 'yung armas na binibigay ko sa inyo, believe me, nandiyan pa 'yung… si… sino ditong… Ito, si Bato. Matagal man ito sa --- 'yung kayong naka-experience sa Davao ng… bantay kay mainit d'yan eh. So ang gawain ninyo, bahaan ninyo muna ng --- 'Yan sila Estares, mahusay magamoy 'yan ng --- I have meeting with the top echelons, 'yung mga commanding generals. I will give the direction there. Hindi ko masabi ngayon but we have to improve on the intelligence gathering, otherwise sitting ducks kayo.

Traffic. 'Yung karamihan sa traffic, once upon a time, I passed by 'yung Circumferential Road diyan sa Matina. Duha ka hagad pataroy-taroy lang puro tindog dito. You know, one time nagdaan ako ng Bankerohan. May tatlong pulis manning the traffic. Kung walang cover 'yan, ubos 'yan, baril ang kukunin niyan eh.

So meron talaga 'yang network. Kung nakatindig diyan ang pulis, meron dito talaga or post yourself somewhere, use an Armalite... para 'di kayo… Huwag kayong magkain 'yan ng --- Minsan 'yung sa Bankerohan, pulis, apat. Kakakagat lang ng --- Nandiyan pa 'yung pandesal sa bunganga. Bantay kayo sa mga Sparrow. Hindi tayo mauubos niyan, sila ang mauubos pero we will have to devise something. 'Yung paglabas ninyo ng bahay, bantay kayo diyan.
'Yung mga tambay, kunin talaga 'yung mga bugoy. 'Yung mga adik, 'yun ang ibigay ninyo doon sa kabila. 'Yung bira niyo sige, doon kayo, para [inaudible] palagi. But dito sa ano, I am distributing the firearms. I do not --- Wala akong problema diyan losing properties of government in the legitimate encounters. Now, ang Army wala. Binigyan

ko lahat kayo. Army and Police, meron talagang sidearms. Kaya marami. It's the supply --- I have the money, the supplier ang wala, kulang.

So sinabi ko naman doon sa mga sundalo and kayo --- per chance if you have the opportunity. Do not… kayong mga ano. I am a descendant of a Moro lady. Eh kaya binibigyan na sila ng baril, sabi ko, "Tatlong magazine 'yan." Ang dalawang magazine niyan, pang-fight 'yan. 'Yung last magazine, para iyo 'yan. Huwag kang mag-surrender kasi gawain kang aso sa kampo nila, bababuyin ka ng husto and at the end of the day, they would decapitate you in front of a camera." Masyadong nakakahiya 'yang ganun. So 'yung last magazine mo, 'yun ang kainin mo.

Do not surrender your gun while you are alive. Kung ma-corner ka na, 'yung isang magazine, para iyo 'yun. Huwag kayong mag-ano sa… pagka ready silang mamatay, eh 'di ready rin tayo. Wala tayong problema diyan. If they want to commit suicide, we are also ready to commit suicide. Basta I said, "No quarters given, no quarters asked." Sumobra na kasi eh. And it has been about 50 years that they have imposed upon this country violence and nothing else. 'Yung mga revolutionaries, I'm trying to… just be patient.

Wala akong choice except really to talk 'yung mainstream MI, MN. Alam naman ninyo kailangan ng mga taga-Mindanao. As a matter of fact kayong mga law enforcers, 'pag walang areglo diyan, delikado. And if violence starts, 'yung mga mainline na kausap natin ngayon would opt to rebel or to fight, then it opens the flood gates for everybody to join the fray, papasok lahat 'yan. It's a flood gate na buksan, ayan o, and then the principle of "your enemy is my friend." Alam mo naman, ang ISIS ngayon is very active all around the world. They have lost the mass --- critical land mass diyan sa Middle East and they are everywhere.

So 'yan ang --- patong tayo. I'm facing a communist front, I'm facing terror, wala naman ginawa kundi pumatay, tsaka itong droga. 'Yang tatlong 'yan, hindi ako makaatras. Wala na sa… wala sa akin 'yang criticisms ng human rights. You know, before human rights, I have to defend the people and protect the nation, to see to it that the unity is there, intact. Wala akong pakialam diyan sa human rights na 'yan. It is not my job to be dispensing human rights. Sa kanila 'yan kaya sige sila daldal. 'Di hayaan ninyo. 'Di ba sabi ko na sa inyo, "Akin 'yan." Kumbaga sa Bisaya, "Antog ko 'yan." Hayaan mo 'yan sila.

When I said na "protektahan ko kayo," protektahan ko kayo. Walang problema 'yan. In the line of duty, and you just follow the simple rules that if your life is in danger posed by the dangers of your job, wala kayong problema. Wala kayong problema pero ako, kakausapin ko kayo talagang galing puso. Huwag kayong pumasok sa droga. Masisira ang bayan natin diyan. Sinong gustong pumatay?

But you know, kaya nung mayor ako, marami man silang dumaan diyan na… alam nila 'yan. Si Cuy, si Bato, lahat na --- Ito si Pimentel, dumaan ng Davao 'yan. Alam nila kaya sinabi ko, "Do not destroy my city because I will kill you. And do not destroy the

young of this country." Our only assets, kaming mahihirap, nasa gobyerno, but you think 'yang retirement ninyo, mag-abot ng… you retire at the age of 56.

When… sa edad na 'yan pumapasok ang ano… eh kung umabot ka ng 72 kagaya ko, mag pera ka pa ba pambili ng medisina? Eh kung papasok na 'yang liver, eh sundalo, karamihan liver, magma-malfunction talaga 'yang liver ninyo. Lahat na. May heart failure lalo sige sigarilyo. Bakit? Kakasya 'yang sweldo ninyo --- allowance ninyo? Retirement benefits? Tapos hindi pa nakatapos 'yung mga bata sa eskwela? Then you start to mess up with our children. Pagkatapos naubos 'yung pera. Sinong magbili ng medisina mo? Sino ang magsubo sa iyo ng lugaw? Sino ang magbili ng oxygen mo? O diretsuhin natin, sino ang magbili ng kabaong ninyo? Sila.

Sila 'yung magbayad kagaya ng ginagawa natin sa ating mga magulang. 'Yan ang trabaho ng mga anak natin. We are not rich and we can only sustain here so much. Kaya sabi ko, maaga 'yang 56, lugi ang gobyerno diyan. Siguro mga retiring age, gagawin natin 70 [laughter] para wala 'yung [speaks Bisaya] sa bukid. [laughter] T*** i**. Wala masyado 'yan --- 56? Eh kung ano, I'll --- pinag-uusapan na namin. It's either 58 or 60. Sixty, tamang-tama 'yan, tapos na 'yung mga bata, by that time.

Kaya nga, itong military camps kayo ng Aguinaldo, magkasali kayo diyan, gobyerno tayo lahat eh. Eh busy --- parang Bonifacio tayo, development. Maghanap na lang kayo ng kampo diyan sa Cavite o diyan sa kung saan. Kampo lang naman 'yan. Tapos i-joint venture ng gobyerno 'yung lupa.

Ngayon si Sonny Dominguez, does not want a --- ayaw niya ibigay, ewan ko. I do not want to quarrel with the guy, he is the Finance Minister. Sabi niya, ayaw ko 'yung ganun na ibigay sa inyo, sa Armed Forces pati… gusto niya mag… covered ba kayo sa GSIS? Hindi no? Hindi, wala kayo kasali. Kaya nga mag-gawa tayo ng GSIS memo. Bilyon 'yan. 'Yang ---tingnan mo ang… pero, dagdagan na lang natin.

Masyadong malaki man 'yang Bonifacio. Siguro gawa tayo ng mga bagong kampo na simple lang. 'Yung building na semento pero this is a maddening city, nandito sa gitna ng… Kwartahan na lang natin 'yan. Tapos ang ma-commit ko lang, basta nandiyan pa ako is the money will be for diretso na, wala nang promise-promise 'yan. Sonny Dominguez wants to create a mini-GSIS for you sa military pati pulis. Okay ako diyan. We have the initial finding --- funding rather, and I will look for the money. Easily mga 50 billion. Meron na sana ako kaya lang pumutok itong…

By the way, 'yung nasugatan, sabi ko sa inyo, I just released [kailan ba? Almost a month ago?] Five hundred million for interventions para sa --- to sustain the medications and the, 'yung may tama. I just released it. Inyong pera 'yan so… Kay General Macario? You just call him and i-charge mo 'yan. Meron taga-Davao. He is a very good orthopedic surgeon. As a matter of fact, he was --- gumraduate (graduate) ito ng UP summa cum laude eh. But he's very good sa orthopedic. Kaya 'yan, bata.

Pag dumating na ‘yan sila, punta na lang kayo sa St. Luke’s. O ngayon pa lang, magpunta na kayo tutal he doesn’t live here. He is a director of a medical facility in America. But ‘yung mga nanay niya pati tatay niya, matanda, ayaw na magpunta doon so he - -- siya ‘yung pumupunta dito quarterly. Siya ‘yung nag-opera sa akin rin sa ano ko sa motor. Maayos siya, huwag kang mag-alala, ako ang bahala sa iyo.

But in the meantime meron tayong 500 million. Nag-release kaagad ako right after the war, sabi ko pang --- para pang gamot ninyo, pang-sustain. Another 500, ospital. [Another 500 ‘no? Hati sila, V. Luna pati… Oo] Sa Veterans Hospital pati sa Medical --- hati sila. I will subsidize 100 million a month. Para sa medisina lang, para ‘yung mga beterano, kasi dala-dala ng mga riseta, walang --- pwede niyo doon kunin.

Ang akin lang diyan is the purchases sa --- I have to reconfigure everything. I’m done with that lousy thing about lowest bid, lowest bid, kalokohan ‘yang y*** na ‘yan. Puro corruption diyan. Ibahin ko ang... Buti ngayon kung may ipagawa ako na highway o building, parang Swiss challenge, “O sinong gustong gumawa nito?” O ‘di kung may kapital ka, eh ‘yung mga malililiit na tirador, ‘yung pa-golf-golf lang diyan, mga sindikato, wala na silang ida-dive. Wala na silang pera. So it goes to the big construction companies, o gusto ko 100 million na building, ito ‘yung plano. So ‘yun, gawin mo? Sige, gawin mo. Magsu-supervise lang ako, tignan ko ‘yung mga sunod na ‘yun, ‘pag natapos, bayaran kita, so wala ka nang panahon mag-corrupt.

Paano i-corrupt mo, kung hindi ko tanggapin ‘yan? ‘Di na purnada ka? Kaya, ‘yun ang ano, diyan na tayo ngayon, ayaw ko na ‘yung lowest bid, puro kalokohan ‘yan. Sinabi ko nga ‘yang COA na ‘yan, noon pa, “Baguhin ninyo ‘yung rules ninyo diyan ah. You ask Congress.” Eh ayaw, parang ayaw gumalaw. Unahan ko na sila. Wala nang lowest bid, lowest bid ngayon.

Ang firearms may directive naman ako. You can only get it from two --- intelligence equipment for military and police. Dalawang --- hindi ako magpunta-punta pa sa barato, ah kalokohan ‘yan. Nung una hindi mo nga alam kung nakikinig sa iyo lahat. There are only two places there. So wala --- you get the international pricing. ‘Pag sabi ko, diyan lang makabili ng equipment, diyan lang ‘yan, hanggang diyan lang ‘yan. Hindi ‘yan basta sinasabog mo ‘yung ano, mga armas pati ‘yung mga --- basta-basta bibili ka na lang ng ibang bayan eh ‘di nakikinig sila sa atin.

That’s the ways of… E ano ako, I just came from Biliran, hindi naman --- I’m not properly dressed, wala nang panahon eh. Pati ‘yung PSG ngayon, nagpa-party na, it’s 8 o’clock. So basahin ko na lang para hindi na ako mag-isip kung anong sabihin ko. [laughter] ‘Yung armas lang, kaya pinapatawag ko sila, you must reorient, reconfigure how to protect your kind. I remember, I do not mean to insult anybody, far from it actually. But there was a time, na ‘yung Crame, mayor pa ako, talagang nagmumura ako because ang order was you cannot bring your firearms if you are not in a official uniform, ‘pag…

So one day, I was in Davao, maingay ang radyo, sabi ko, “General? Bakit? Sinong namatay?” ‘Yung pulis doon sa BuDa, Bukidnon-Davao, may istasyon doon. So ‘yung pulis, pauwi, nag-uniporme, kasama isang policewoman. ‘Yung policewoman, sa likod, pero hindi din dinala ang baril. Iniwan doon sa mga cabinet. Eh alam mo ‘yang BuDa, malayo ‘yan. P*** --- iiwan mo ‘yung mga armas ninyo doon, napakatorpe naman ‘yang… tsk. Kaya talaga ako nagmura, sabi ko, “Sino ‘yung general, nag-imbento nito?”

And about that time, ino-offer na sa akin ‘yung --- ni Ochoa, DILG. Sabi ko, panahon ni Aquino, sabi ko, ay tanggi ako, pero sabi sa --- ay, inis ko, sabi ko, “’Pag natuliro ‘yung ulo ko, tanggapin ko ‘yang DILG, hanapin ko ‘yung general na gumawa nito. Bugbugin kita diyan sa…” ‘Wag ka naman… Eh ‘di uupo ‘yung alley na ‘yan, ‘yung --- bantay kayo diyan, ‘yung alley ng Bukidnon-Davao. You know, that’s a very dangerous diyan, kasi ang kabila niyan ano na eh, Carmen na, Cotabato. ‘Pag mag-travel kayo diyan, hintayin ninyo nasa likod kayo. Kung hindi paalisin mo ‘yang nasa likod. “Hoy, dito ka lang.” Ang importante ang likod. Eh ang pulis umupo doon sa tabi ng driver, eh ‘di binaril, tapos kinuha pa ‘yung nine millimeter niya na bereta, binaril uli sa ulo. Kaya ako na --- susmaryosep, naawa ako nun. Eh ‘di pumunta ako ng purenarya, sabi ko sa kanila, “100,000.” Ah, solve kaagad. Maubusan ako ng 100,000 dito. [laughter]

Bantay kayo. Bantay talaga kayo. Basta if these things will go out of control, bantay kayo. Somebody has to plan it, pag-uwi, pag-labas ng bahay. You need not be in uniform, but ‘yung firearm mo, ‘yun ang pangtabla mo. ‘Wag kayong magpalugi. Minsan makita mo sa bahay, may isa dito naka-istambay, sige inom ng Coke. ‘Yung isa dito palakad-lakad. Pag-gising mo tignan mo, ay kung --- e-cellphone mo, tapos paglabas mo sa banyo tignan mo uli, tignan mo ang larawan. Kung ganun pa rin, bantay ka. Naka-cocked and locked ka na diyan. Eh Glock man ‘yang inyo ‘di kung kursunada mo na talaga, lapitan mo na kaagad ‘yung pinakamalapit. ‘Pagsita mo, barilin mo na kaagad. [laughter] ‘Yun pala taga-kolekta lang sa appliance. [laughter] Eh bahala sila. Tawagan mo kaagad si Bong, “Bong, p****** i** nagkamali kami dito.” [laughter] Ganoon lang ‘yan eh.

Pero that is just really, I’m just talking about it lightly. Pero i-ganun-ganun mo lang ‘yung camera, tapos tignan mo. Gabi na, sige tingin sa bahay mo. Tapos minsan ‘yung ano, magtindig, mag-adjust ‘yan. Kasi ang .45 niya naka-strip eh, nandiyan sa harap ‘yan. Kaya kung unang --- tingin mo, ‘pag wala pa --- hindi pa nakabunot, diyan sa b****. ‘Yun ang warning ko lang sa inyo. But then, let me read in --- kasi hindi man official language. Ang Tagalog ko may Bisaya eh. It’s the Tagalog, ang ano Filipino, ‘yun ang official language. You can use it, officially. English. Eh kaming taga-Davao, halo-halo. Bisaya pati, hindi recognized ‘yan.

Today, we confer the Order of Lapu-Lapu to the men and women of the Philippine National Police who risked their lives in order to liberate Marawi City from the hands of the Islamic State-inspired Maute terrorist group. Their heroic deeds have made it possible for our people in the city to resume their lives in peace. We also remember and honor those who were killed during the five-month battle in Marawi City. They are the epitome of courage, bravery and patriotism.

Indeed, for paying the ultimate sacrifice and for rendering extraordinary service to our nation, we consider them as our heroes. Rest assured that the government will take care of the policemen and soldiers who were injured or killed during the operations. The state will also attend to the needs of their families and loved ones.
Putulin ko ito dito. We will see to it that we will provide the… sa education. And gusto ko 'yung ordinaryong police, if this thing will materialize this year, I'm hurrying up Aguinaldo and itong sa DILG to bilisan ninyo 'yung ano… Para 'yung ordinaryong sundalo, kung meron kayong GSIS, pwede kayo makapag-eskwela para maging doktor o abogado. Gusto ko tabla-tabla. Kung ano 'yung nasa may mga pera sa buhay. Dapat kayo meron. That is the rationale or rational why I am giving… I am giving up the real estate diyan, mahal masyado 'yan. And diyan na ninyo kunin. I will not allow you to sell it in perpetuity, it will be just for you and for the coming generation of soldiers.

I also commend the entire PNP organization for its contributions in helping Marawi City, as well as in fighting insurgency in other parts of the country. Your bravery and skill have truly been evident during all these police operations and encounters with lawless elements. Intensified police operations against the remaining terrorist groups and continue, not just in Mindanao but in all corners of the country where such lawless elements thrive, even as we sustain our efforts against illegal drugs, corruption and criminality.

The only way really is --- I'm not trying to hate them. Pero huwag kang… 'yung pupunta ka sa bakbakan na galit ka talaga. Kasi walang, walang mga patawad 'tong mga 'to. Parang pinagbabaril. The only reason why I broke off with the talks doon sa table, syempre 'yung ano, 'yung mga sundalo ko, pati 'yung pulis ko, merong ceasefire, pinagbabaril, akala mo aso. Sabi ko, "Nabuang na kayo." Sabi ko, "You add another life there." Ah wala talaga.

'Yung Cagayan, tapos 'yung sa Cotabato. Tinanong ko pa 'yung ano, mga sundalo. Nagtatanong 'yan sa doctor --- 73 gunshot wounds. Sabi ko, "Barilin mo ang tao, ano 'yan target? Nagta-target ka--- mag full auto ka ---73 gunshot wounds." Then you must hate… you must have really nurtured hatred in your… Kaya kung ganun, eh galit rin talaga tayo sa kanila. Kung ganun 73, sundalo na dalawa. 'Yung sa Cagayan, mga pulis 'yun. Tatlo ata. Pagbabaril, wala namang ano. Kumubra lang sa… Itong ano ninyo, combat pay.

Government is now hard --- By the way, 'yung lahat ng byuda, simba ko lang. Bato-bato sa langit. Sabagay, buhay swerte-swerte talaga. Nandiyan… Panahon mo na… Pero ang mga byuda, may trabaho 'yan. Lahat ng byuda na pinuntahan ko, may trabaho 'yan. Maghanap ako ng pwesto sa gobyerno. 'Di na bale, malugi tayo. That's the prize of --- We are forever short of money. And we can not buy all that we want for you.

But at least, sa equipment pati I'm not buying anything that's… 'yung hand me down. It's either, sabi ko kay Lorezana, magbili kayo ng bago or none at all. Ayaw ko 'yang

second hand. Kita mo 'yung helicopter na tatlo, dalawa na ang bumagsak, kalokohan ito. But that is for another time.

Government is now hard at work in rebuilding and rehabilitating Marawi City. Kaya ko dinala si Ed doon, Del Rosario, because he was once upon a time, Task Force Davao commander. Lahat ng dumaan sa Davao, talagang mahusay. A few guys na medyo nakasagutan ko, but very, very few. And other conflict-affected areas. It is my hope that the entire nation will lend a hand in this task as well as our endeavors to preserve peace, maintain order and build a prosperous nation.

The conferment ceremony is just one part of our efforts to rejuvenate our country and build our gains in nation-building. I urge our policemen to be steadfast in upholding your duties with credibility and integrity. Sabi ko sa inyo, I do not mind kung anong --- ilang libo ang napatay mo, basta in line of duty or nagkaproblema kayo, I will answer for it. Tumahimik na lang kayo kasi hindi talaga matatapos 'yan.

Dito na lang sila sa akin kay pina --- pinagmumura ko 'yung mga buang na 'yan. Eh hindi naintindihan. Pilipinas ang nakataya diyan tapos ilagay mo lang ako sa alanganin diyan sa human rights, human rights na 'yan.

This conferment ceremony is just one part of our efforts to rejuvenate our country and build on our gains in… I urge all policemen… You play an important role in bringing about the strong and peaceful Philippines that we all yearn for and deserve.

Mabuhay ang PNP.

So, 'yun lang ano --- I do not give speeches, I usually dialogue with my audience, lalo na sa inyo. Ano mang speech ang ibigay ko sa inyo? Hindi naman ako politiko. "Mga kababayan. Tayo'y magsikap, dapat maubos natin itong mga p****** i****." [laughter and applause] Wala 'yan. [applause]

Kaya sa totoo lang, walang ano, hindi ako nagpapatawa, totoo lang. Kasi kung hindi ako pumasa ng Bar, pulis ako ngayon. [applause] Nag-retire --- ah, totoo. 'Yun talaga ang sa plano ko eh. Totoo, walang ano. Sabi ko nito, kung hindi ako lumusot, papaano. I take the Bar the second --- for the second time.

Tingin-tingin ako sa Crame, dito kasi ako kumuha ng --- hindi ko na lang sabihin. Sa College of Law, sa eskwelahan, hindi ako bigyan ng certification kasi wala akong ROTC. [laughter] ROTC kasi sigaw-sigawan ka diyan. 'Yang si, Aluhipan, 'yung malaking tao na tisoy? Pinsan ko man 'yun. Mag-first year college 'yan, sabi ko, dito muna ako magpahinga. Pag-report ko sa ROTC, kati pa ng uniporme ang y***, 'yung ano ma-kati. Hindi ako komportable.

Sigaw-sigawan ako, "You g******, why are you late?" P****** i**, sabi ko, "Mura-murahin mo ako, balikan kita dito ng paltik, l**** ka." [laughter] Hindi na ako bumalik. So wala akong ROTC, problema na ngayon. Ito, ito, atin-atin lang ah. [laughter] Media

pa naman… Bata hindi ka maka-graduate. So anong gawain ko? Ah, ganito, may sakit ka, meron kang pinsala. Well, sabi ko, "Anong usual?" "TB." Eh payat man ako talaga, as in payat. Sabi, balik ako sa dormitoryo.

'Yan, sila Dulay, Bebot Bello, 'yan ang mga abugado na mga gangster. [laughter] Sabi ko, "Anuhin ko ito?" "Ah madali 'yan." Sabi niya, "Diyan sa San Lazaro." "Ah, o sige." So punta kami doon. Tinawagan 'yung isa. Sumingit 'yung isa, sumingit na payat, talagang payat, as in payat. Sabi ko, "Bata, halika. Bigyan kita ng 1,000. Pagdating doon sa x-ray, sabihin mo, 'Ang pangalan ko ito.' [laughter] Lagyan man 'yan ng plate." 'Di ba may pangalan 'yan. Lalabas sa x-ray 'yung ano… Tapos, sabi ko, "Hintayin mo ako, babalik ako ngayong hapon. Dagdagan pa kita ng isang libo." Pagka-hapon, 'pag pinakita, 'di binuksan ko. Tapos may comment doon naka-stapler. "Advanced stage of tuberculosis." [laughter]

Pinakita ko doon sa eskwela. Sabi ko, "Sir, ito sir, pwede na? [coughs] Sabi niya, "Bata, kaya ka payat, magpagamot ka muna. Hinto ka ng eskwela. Ang TB mo advanced na." Exempted. [laughter and applause] Ganun. Susmaryosep. Dito nga akala nila mamaro nila tayo. Eh… huwag. Hindi sa atin. Hindi uubra 'yan.

Bato o, numero uno rin 'yan. So ang akin is, I --- Wala kayong alalahanin. Sa panahon ko ang… you have noticed it actually, the Filipino, the nation, must have taken notice of it. Ang priority ko talaga is the Armed Forces because I want --- Before I leave, government is just a few, four and a half something years. I want to build a strong police and a strong Armed Forces to withstand the challenges of time. Ang kalaban ninyo kasi terrorism. As a matter of fact, prangkahan ko kayo. I'm just waiting for a call na, "Sir, may pumutok dito." Ang sinasabi ko, I'll make it public.

Well, anyway, we're ready for it. Isip-isip ko lang na may simultaneous attack in three cities then we will gauge. Basta ako, if you shoot an enemy, shoot him dead. Huwag kayong maniwala diyan sa human rights. Walang alam 'yan. You know, I will not barter the nation with the… 'yung individual. We can debate the whole day maski doon sa UN. I protect…

Sabi ko nga nung mayor ako, "Do not do it because I will protect the city. You destroy it, I will kill you." Sabi ko, "Dito, ngayon, Presidente ako, do not mess up with my country." Pagka hindi tayo magkaintindihan dito sa droga, tayo talaga ang mamamatay. There has been a considerable drop sa ating drug problem. But we will remain to be vigilant and --- Hindi tayo hihinto.

Ano 'to eh. It's a perennial and a permanent problem for the nation. [Bigyan mo sila Bong ng ano… Lahat ng mga opisyal] 'Yung study ng National Narcotics Board Control ng --- it bears the logo of the United Nations. Ibigay ko na lang sa inyo siguro. Lahat 'to nakalagay… 'yung characteristics and the characterization of --- ang impact ng… You would notice there ang pinaka-serious, 'yung iba stupor, parang lasing, melancholia, 'yung mga… pa-ganun-ganun.

Pero ang… [Pahiram ng isa be] Ang pinaka-deadly characterization ng ano… Tingnan ninyo diyan, is shabu. Nandiyan na cocaine, cannabis, LSD, ecstasy, heroin, methamphetamine. Tingnan mo ha… Kaya mga g**** 'tong human rights. Ilan na ang pulis pati military ang napatay diyan sa Mindanao? 'Di ba it started with a warrant to be served on a certain guy bakbakan na. And the Marines had to enter. That day, we lost about eight or nine. I was at the airport to meet the officers pati 'yung patay na katawan.

Ayan ang risk. Methamphetamine use sometimes triggers aggressive, violent, and bizarre behavior. Kaya pumapatay talaga 'yang mga g***. Bantay kayo diyan. Nadala talaga ng [inaudible] 'yan. Huwag kayong mag… And I remember seeing this TV na, pinagsasaksak 'yung pulis pero you just parry the --- [Napunta ba yon sa Malacañan? O pinapunta… Congratulate ko.]

Kasi hindi siya… pinipigil lang siya hanggang natumba siya, binira niya. Pero 'yan, huwag niyong sundin na ano mag-ganun. Buti kung matumba ka… Example lang 'yan na parang ano ninyo, control. And with that… it was a laudable presentation of what a police officer would do under the circumstances.

Pero huwag ninyong sundin 'yun kasi delikado. Ilang saksak gyud? Sige lang siya ganun. 'Yan, para 'yan sa publiko. Pero kayo, huwag kayo mag --- Maswerte ka. Eh kung 'yung pangalawa matamaan ka talaga? 'Pag una saksak pa lang, bang! Ganda ng baril binibigay ko sa inyo. Wala namang…

Depende sa ano, sitwasyon. But believe me, more than anybody else, sabihin mo, your life is more important than the criminals. Ako sabihin ko, more than anything else, the life of my policemen and soldier is more valuable to me than the life of a terrorist and a criminal. [applause] And I would not… Hindi ako magdalawang isip.
Sige, fight tayo. Take the upper hand while you are still alive. Magpunta na ako kasi 'yung mga sundalo doon sa barracks, Christmas party --- [Tapos na 'yung? O naghintay? Humana magkaon. Si group? Humana kayo nagkaon?] Naghihintay 'yung mga ano, sundalo. Gwardya ko baka ma… baka magalit. P***** i**, ihulog ako diyan sa Pasig River. [laughter]

And before I forget… [Na-download na 'yung ano? 'Yung traditional ano ko sa kanila?] O, na-download na daw. [applause] Mahina lang naman. Three million each kayo. Before I forget, I'd like to just relay my message to the rest of the PNP Command, the officers and men, and all. I'd like to greet you a very Merry Christmas and a Prosperous New Year.

* * *